

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Mahalagang Konsiderasyon:

- Ang mga Mapagkukunan ay dapat tuklasin, sa tuwing naaangkop
- Hindi ganap Pangkalahatangna komprehensibo ang listahang ito
 - Nakabatay ang mga serbisyo sa indibidwal na pangangailangan at dapat talakayin sa Tagapag-ugnay ng Serbisyo

Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Nasa Hustong Gulang
Pagsasanay sa mga Kakayahang Umakma		✓	✓	Tinutugunan ang mga aspeto ng kasanayan tulad ng pakikisalamuha, komunikasyon, kalinisan ng pangangatawan, pagtulong sa sarili, at integrasyon sa komunidad. Idinisensyo ang mga serbisyo upang turian ang pinaglilingkurang indibidwal na maging malaya sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na gawain na naaangkop sa edad kapag ang mga pangangailangang ito ay hindi natutugunan sa pamamagitan ng distrito ng paaralan. Lubos na inirerekomenda ang pakikibahagi ng (mga) tagapag-alaga. Batay sa tinasang pangangailangan, maaaring ipagkaloob ang mga serbisyo sa kapaligirang panggrupo/pang-indibidwal.
Programang mga Aktibidad sa Araw para sa Nasa Hustong Gulang			✓	Mga serbisyong naghahandog ng iba't ibang serbisyo ng programa sa araw na naghahandog ng naka-estruktura at iba't ibang aktibidad sa loob ng komunidad para sa pinaglilingkurang indibidwal na hindi na karapat-dapat para sa mga serbisyo sa paaralan. Karaniwan, ang pinaglilingkurang indibidwal na kasali sa mga programang ito ay piniling huwag magpatuloy sa mas mataas na edukasyon o trabaho.
Pagtatasa at Konsultasyon	✓	✓	✓	Kabilang sa mga ipinagkakaloob na serbisyo ang pag-uugnay ng konsultasyon sa isa o higit pa sa mga espesyalista sa Harbor, upang suriin ang mga pangangailangan ng pinaglilingkurang indibidwal. Ang pagtatasa at konsultasyon ay maaaring makatulong sa pagkaloob o pagkaklamo ng diagnosis, pagpapasya ng mga uri ng serbisyo at suportang kailangan, pagtukoy sa mga pangangailangan sa kalusugan ng pamilya at kalusugan ng pag-iisip, atbp.

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Paglalarawan sa Serbisyo
Pantulong na Teknolohiya: Pinaigting at Alternatibong Komunikasyon (AAC)	✓	✓	✓	Mga serbisyong nagkaloob sa pinaglilingkurang indibidwal na may mga pantulong o pang-akmang aparato para sa mga layunin ng pagpapadali ng paggalaw, komunikasyon, at pagdagdag ng access sa komunidad. Maaaring kabilang din ang mga AAC na aparato sa pagsusuri na ginagamit ng pinaglilingkurang indibidwal sa distrito ng paaralan.
Mga Serbisyo sa Pag-uugali	✓	✓	✓	Mga serbisyong sinusubaybayan ng Tagasuri ng Pag-uugali na Sertipikado ng Lupon (BCBA) at idinisenyo upang tugunan ang mga hamon sa pag-uugali. Ang mga interbensyon/pagsasanay ay maaaring ihatid sa pinaglilingkurang indibidwal at kanyang tagapag-alaga, sa mga kapaligiran sa tahanan at komunidad, at sa mga 1:1 o panggrupong kapaligiran.
Mga Serbisyo ng Pagpapaalaga ng Anak	✓	✓		Ang pagpapaalaga sa anak ay pagbabantay sa pinaglilingkurang indibidwal na wala pang 18 taong gulang kung saan ang tagapag-alaga ay hindi makakapagkaloob ng naturang pangangalaga dahil mayroon silang trabaho o kasali sa bokasyonal/pang-edukasyon na pagsasanay. Isinasagawa ang serbisyo sa tahanan o komunidad, sa mga lisensyado o hindi lisensyadong kapaligiran, at sa pamamagitan ng tagapag-alaga na tinukoy ng pamilya o ng isang provider.
Pagsasanay para sa Integrasyon sa Komunidad		✓	✓	Ang mga serbisyo ay idinisenyo upang palakasin ang kakayahan ng isang pinaglilingkurang indibidwal na makuha ang mas malaking pag-access sa komunidad at mga aktibidad. Kabilang sa serbisyo ang (hindi limitado sa), tulong sa pagpapanatili, pagpapahusay, o pagpapabuti ng pagtulong sa sarili, mga kasanayan sa pakikisalamuha at pag-angkop ng sarili, na nagaganap sa kapaligirang hindi residensyal, na hiwalay sa tahanan.

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Paglalarawan sa Serbisyo
Mga Pinag-ugnay-ugnay na Serbisyo ng Suporta ng Pamilya (CFS)			✓	Idinisenyo ang mga serbisyo para sa pinaglilingkurang indibidwal na nasa mga edad na 18 taong gulang at pataas na nakatira sa tahanan ng kanyang pamilya. Maaaring kasama sa mga suporta ang pag-iskedyul ng mga medikal na appointment, pagtukoy ng mga opsyon sa transportasyon, pagsasanay sa mga tagapagkaloob ng serbisyo sa pinaglilingkurang indibidwal, pagpapalano sa hinaharap, atbp. Ipinagkakaloob ang mga serbisyo sa tahanan ng pamilya at sa kanilang komunidad. Nagpapahintulot ito sa provider na pag-ugnayin ang mga serbisyong binabayaran ng Harbor at/o pangkalahatang pagpopondo tulad ng Medi-Cal, pribadong seguro, atbp.
Mga Serbisyo ng Interbensyon sa Panahon ng Krisis		✓	✓	Mga serbisyong idinisenyo upang maiwasan o mabawasan ang intensidad ng mga pagkilos na malubha o banta sa buhay na sa ibang paraan ay maaaring magresulta sa kapahamakan o nabawasang kalidad ng buhay para sa pinaglilingkurang indibidwal, sa kanyang pamilya, at/o komunidad. Kabilang sa mga serbisyong ito ang pagbuo ng mga planong pangkaligtasan at mga estratehiyang nakatuon sa pagbawas ng pangangailangan para sa paggamit ng mga serbisyong pang-emerhensya, pan-psychiatric na pagkakaospital, pagkakasangkot sa legal na sistema, at pangangailangan para sa transisyon sa isang mas mahigpit na kapaligiran sa paninirahan.
Matibay na Medikal na Kagamitan	✓	✓	✓	Medikal na kagamitan/supply para sa pinaglilingkurang indibidwal na may mga medikal na pangangailangan. Maaaring kasama sa mga suplay na ito ang: <ul style="list-style-type: none"> • Mga Diaper/Wipes/Sapin sa Higaan • Salamin sa mata/mga suplay para sa pandinig • Kagamitan para sa Pagkilos (hal: mga walker at wheelchair) • Mga suplay na pangnutrisyon • Orthotics at prosthetics • Kagamitan sa pagpoposisyon at pag-aakma ng sarili • Pagbabago sa sasakyan/tahanan para sa aksesibilidad

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Paglalarawan sa Serbisyo
Mga Programa sa Trabaho			✓	<p>Mga serbisyong nakatuon sa mga aspeto ng pagtulong sa nasa hustong gulang na pinaglilingkurang indibidwal sa pagkuha at pagpapanatili ng trabaho. Ang mga serbisyo sa trabaho ay maaaring kabilangan ng mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mga programa sa araw na naghahandog ng trabaho at pagsasanay • Mga Klase ng Pagsasanay sa Trabaho • Mga Iniakmang Serbisyo sa Trabaho • Mga Suportadong Serbisyo sa Trabaho (Coaching sa Trabaho) • Mga Iniakmang Serbisyong Pang-araw • Mga Pinag-ugnay-ugnay na Daan sa Karera
Ahensya para sa Pampamilyang Tahanan (FHA)/Ahensya ng Kumukupkop na Pamilya (FFA)		✓	✓	<p>Ang mga serbisyo ay nagkakaloob ng mga alternatibong opsyon sa paninirahan para sa pinaglilingkurang indibidwal. Para sa mga bata, ipinagkaloob ang mga serbisyo sa pamamagitan ng mga Ahensya ng Kumukupkop na Pamilya at para sa mga nasa hustong gulang, ipinagkaloob ang mga serbisyo sa pamamagitan ng mga Ahensya para sa Pampamilyang Tahanan. Ang pamilyang FFA/FHA ay tumutulong sa mga pinaglilingkurang indibidwal sa mga pangangailangan sa pang-araw-araw na pangangalaga at isinasama sila sa mga aktibidad ng kanilang mga pamilya</p>
Suporta ng Pamilya	✓	✓	✓	<p>Suportang ipinagkaloob sa mga pamilya upang tumulong sa pagiging bahagi at integrasyon ng pinaglilingkurang indibidwal sa komunidad. Maaaring kasama ang mga Grupong Sumusuporta sa Magulang, Programa ng Pagtuturo sa Pagitan ng Magulang, mga klase at presentasyong nagbibigay ng impormasyon para sa mga pamilya na inihahandog sa buong taon.</p>
Mga Pasilidad para sa Pangangalaga ng Kalusugan (HCF)	✓	✓	✓	<p>Ang mga serbisyo ay nagkakaloob ng pangangalaga ng may kasanayang narsing at pang-inpatient sa isang pasilidad sa mga pinaglilingkurang indibidwal na hindi kayang mamuhay nang mag-isa dahil sa kalubhaan ng kanilang mga medikal na pangangailangan.</p>

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Paglalarawan sa Serbisyo
Mga Suportang Pangkalusugan sa Tahanan	✓	✓	✓	Mga serbisyong idinisenyo upang protektahan ang medikal na kagalingan ng pinaglilingkurang indibidwal at maiwasan ang pangangailangan na maospital. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang mga pana-panahong pagbisita sa tahanan sa pamamagitan ng isang lisensyadong nars, pagsubaybay at pagsusuri, narsing na may shift, at pagsasanay sa mga tagapag-alaga.
Mga Serbisyo para sa Mag-isang Pamumuhay (ILS)			✓	Idinisenyo ang mga serbisyo para sa pinaglilingkurang indibidwal na nasa mga edad na 18 taong gulang at pataas na nakatira sa tahanan ng kanyang pamilya. Ang pagsasanay ay maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa pagluluto, pamamahala sa pera, access sa komunidad, atbp.
Mga Serbisyo para sa Pag-unlad ng Sanggol	✓			Idinisenyo ang mga serbisyo upang makatulong sa mga pangangailangan sa pag-unlad ng pinaglilingkurang indibidwal na nasa mga edad na 0-5 taong gulang. Maaaring ihatid ang programa sa mga kapaligirang pantahanan at pangkomunidad, at sa mga sitwasyong 1:1 o panggrupo.
Seguro, mga co-payment, coinsurance, at mga deductible	✓	✓	✓	Pagpopondo sa mga gastusin na mula sa balsa na sanhi ng kinakailangang serbisyong medikal o sa ngipin na hindi ganap na sakaw ng plano ng segurong pangkalusugan ng pinaglilingkurang indibidwal o anumang iba pang mapagkukunan na pinopondohan ng pamahalaan. Maaaring mapagpasyahan ang pagiging karapat-dapat sa pamamagitan ng pagtatasa sa kita ng sambahayan.

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Paglalarawan sa Serbisyo
Mga Medikal na Espesyalista at Propesyonal	✓	✓	✓	<p>Nakakontrata ang mga serbisyo sa iba't ibang medikal na propesyonal upang makatulong sa pagkaloob ng mga serbisyong pang-indibidwal, upang mapabuti o mapanatili ang kalagayan ng kalusugan ng pinaglilingkurang indibidwal. Maaaring kasama sa mga espesyalista ang (ngunit hindi limitado sa) mga sumusunod:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mga Audiologist/Optometrists • Mga Dentista • Mga Dietitian • Mga Tagapayo sa Henetiko • Mga Sikologo/Psychiatrist • Mga Doktor/Nars
Pagsasanay sa Paggalaw		✓	✓	<p>Serbisyong idinisenyo upang tulungan ang mga pinaglilingkurang indibidwal na nasa edad na 18 at pataas na matutunan kung paano gumamit ng pampublikong transportasyon sa kanilang komunidad.</p>
Mga Serbisyo sa Personal na Tulong / Personal na Pangangalaga		✓	✓	<p>Mga serbisyong kailangan upang pagkalooban ang pinaglilingkurang indibidwal ng naaangkop at direktang pangangalaga o pangangasiwa sa mas gusto nilang kapaligiran sa tahanan at komunidad, ng isang tagapag-alagang tinukoy ng pamilya o ng provider. Maaaring kasama rito ang tulong sa pagligo, pag-aayos ng sarili, pagbibihis, paggamit ng banyo, paghahanda ng pagkain, at pagbabantay. Ang naturang suporta ay maaaring makatulong sa integrasyon sa komunidad para sa mga pinaglilingkurang indibidwal na nasa edad ng pagbibinata/pagdadalaga at nasa hustong gulang.</p>
Mga Serbisyong Parmasyutikal	✓	✓	✓	<p>Mga serbisyong nagpapahintulot sa mga sentrong panrehiyon na bumili ng mga gamot para sa mga pinaglilingkurang indibidwal kapag hindi nila ma-access ang seguro sa pangangalagang pangkalusugan o kapag ang kinakailangang gamot, na nauugnay sa kanilang kapansanan, ay hindi saklaw ng seguro.</p>

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Paglalarawan sa Serbisyo
Mga Residensyal na Tahanan ng Pangangalaga	✓	✓	✓	Mga tahanan na may istilong pampamilya na matatagpuan sa mga karaniwang kapitbahayan na nagkakaloob ng ligtas na lugar para sa pinaglilingkurang indibidwal na makasama sa paninirahan. Ang mga tahananang ito ay mga lisensyadong tahanan na may 24 na oras na pangangalaga at pangangasiwa.
Mga Serbisyo ng Pagkaloob ng Serbisyo sa Panahon ng Pamamahinga ng Tagapag-alaga (Sa-Tahanan)	✓	✓	✓	Nagkakaloob ang mga serbisyo ng paminsan-minsang tulong o pahinga sa mga karagdagang hinihingi na nakapataw sa tagapag-alaga ng pinaglilingkurang indibidwal. Inihahatid sa tahanan ng pamilya o lisensyadong kapaligiran, at sa pamamagitan ng isang tagapag-alagang tinukoy ng pamilya o ng provider. Pinag-uugnay sa pamamagitan ng mga kategorya ng pagbibigay ng pahinga sa tagapag-alaga na hindi medikal, medikal, o sa pag-uugali. Iniaatas sa Medikal na kategorya na ang manggagawang magkakaloob ng serbisyo sa panahon ng pamamahinga ng tagapag-alaga ay maging isang lisensyadong medikal na propesyonal o isang taong sertipikado/ sinanay sa pagkaloob ng antas ng pangangalaga. Ang kategorya sa Pag-uugali ay nag-aatas na ang manggagawang magkakaloob ng serbisyo sa panahon ng pamamahinga ng tagapag-alaga ay magkaroon ng kasanayan sa mga teknik/ estratehiya sa interbensyon sa pag-uugali.
Pagpapasya ng Sarili		✓	✓	Isang modelo ng hindi tradisyonal na paghahatid ng serbisyo na nagpapahintulot sa mga kalahok ng mas higit pang kalayaan at kontrol sa mga serbisyo at suporta para sa pinaglilingkurang indibidwal. Sa indibidwal na badyet, responsable ang mga kalahok sa pagtukoy at pagpapalano ng kanilang mga serbisyo para sa taon sa pamamagitan ng plano ng paggasta, ayon sa inaprubahan at napagkasunduan kasama ang sentrong panrehiyon.
Pag-uugnay ng Serbisyo	✓	✓	✓	Kabilang sa mga ipinagkakaloob na serbisyo ang nagpapatuloy na pang-indibidwal na pagpapalano ng serbisyo sa pinaglilingkurang indibidwal at kanyang pamilya. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga pangangailangan, kasama sa pagpapalano ang koordinasyon sa komunidad o mga nakakontratang mapagkukunan, adbokasiya at pana-panahong pagrerepaso ng hindi bababa sa kada taon o mas madalas kapag kailangan.

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Paglalarawan sa Serbisyo
Mga Serbisyo sa Pakikisalamuha, Libangan at Rekreasyon kabilang ang mga Hindi Medikal na Terapiya at Edukasyon		✓	✓	Kasama sa mga serbisyo ang mga programa o aktibidad na nagtataguyod ng integrasyon sa komunidad at pagsasanay sa pagtataguyod ng sarili habang ito ay nauugnay sa gustong rekreasyon at libangan ng mga pinaglilingkurang indibidwal. Ang mga hindi medikal na terapiya ay mga serbisyong maaaring magkaroon ng panterapiyang epekto ngunit hindi nakabatay sa ebidensya. Ang mga Serbisyong Pang-edukasyon ay mga serbisyong karaniwang ipinagkakaloob ng mga distrito ng paaralan para sa mga indibidwal na nasa edad ng pagpasok sa paaralan.
Pagsasanay / Mga Klase para sa Kasanayan sa Pakikisalamuha		✓	✓	Ang isang serbisyong gumagamit ng mga teknik at estratehiya ng terapiya sa pag-uugali upang mapabuti ang mga kasanayan sa pakikisalamuha ng isang pinaglilingkurang indibidwal kapag ang mga tinukoy na aspeto ng pangangailangan ay hindi ganap na natutugunan sa iba pang mga kapaligiran, tulad ng paaralan/ mga programa sa araw/ mga programa sa pag-uugali. Ang mga programa ay nakabatay sa pananaliksik, limitado sa oras, at inihahatid sa mga kapaligirang panggrupo.
Mga Suporta sa Karagdagang Programa		✓	✓	Karagdagang tauhang idinagdag sa sistema ng suporta ng pinaglilingkurang indibidwal kapag siya ay nasa krisis o nangangailangan ng mga karagdagang suporta upang patuloy na gumamit ng mga serbisyo. Ang mga serbisyong ito ay karaniwang itinatakda nang pansamantala hanggang sa hindi na nangangailangan ang pinaglilingkurang indibidwal. Maaaring gamitin ang mga suportang ito sa mga sumusunod na aspeto: <ul style="list-style-type: none"> • Pang-araw na Programa • Residensyal

Listahan ng mga Serbisyo sa Harbor Regional Center

Disyembre 2024



Serbisyo	Mga Edad 0-3	Edad ng Pagpasok sa Paaralan	Nasa Hustong Gulang	Paglalarawan sa Serbisyo
Mga Serbisyo ng Suportadong Pamumuhay			✓	<p>Mga serbisyong ipinagkakaloob sa isang pinaglilingkurang indibidwal na nasa mga edad na 18 taong gulang at pataas upang manirahan sa sarili nilang tahanan nang malaya hangga't maaari. Maaaring kabilang sa serbisyo ang pagsali sa mga aktibidad, pagbuo ng mga ugnayan at koneksyon sa loob ng kanilang komunidad. Maaaring kasama sa mga serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Tulong sa paghahanap ng tirahan • Pagsasanay at suporta sa mga kasanayan sa pang-araw-araw na pamumuhay (iyon ay, pagpapalano ng pagkain, pagbabadyet, pagbili) • Pagkakaloob ng 24/7 na pang-emerhensyang pagresponde • Pag-recruit at pagsasanay sa mga indibidwal upang magkaloob ng tulong.
Mga Serbisyong Terapiya	✓	✓	✓	<p>Mga serbisyong terapiya na ipinagkakaloob sa pinaglilingkurang indibidwal na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Terapiyang Okupasyonal • Pisikal na Terapiya • Terapiya sa Pananalita
Mga Serbisyo ng Pagsasalin sa Wika na Nakasulat / Pasalita	✓	✓	✓	<p>Makukuha ang mga serbisyo upang matulungan ang pinaglilingkurang indibidwal at ang kanyang pamilya na makipag-usap at maunawaan ang dokumentasyon kapag ang mas gusto nilang wika ay hindi Ingles. Maaaring ipagkaloob sa panahon ng mga pagpupulong para sa pagpapalano, pagsasanay, paghahatid ng mga serbisyo, at iba pang mga pagpupulong.</p>
Transportasyon	✓	✓	✓	<p>Mga serbisyong nagbibigay-daan para makapagbiyahe ang pinaglilingkurang indibidwal, nang mag-isa at epektibo sa gastos hangga't maaari sa loob ng kanyang komunidad. Maaaring kasama sa ilan sa mga opsyong ito ang, ngunit hindi limitado sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • May bayad na transportasyon ng miyembro ng pamilya • Medikal na transportasyon • Hindi medikal na transportasyon • Pamublikong transportasyon tulad ng taxi, bus ng lungsod o Access Services